# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Sibika Baitang 2
## Ikaapat na Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin: Ang mga Tungkulin ng mga Tao sa Aking Komunidad

**Layunin:**

- Natatalakay ang kahalagahan ng mga paglilingkod/ serbisyo ng komunidad upang matugunan ang pangangailangan ng mga kasapi sa komunidad
- Natutukoy ang iba pang tao na naglilingkod at ang kanilang kahalagahan sa komunidad (e.g. guro, pulis, barangay tanod, bombero, nars, doktor, tagakolekta ng basura, kartero, karpintero, tubero, at iba pa)
- Naiuugnay ang pagbibigay serbisyo/paglilingkod ng komunidad sa karapatan ng bawat kasapi sa komunidad
- Naipaliliwanag ang epekto ng pagbibigay serbisyo at di pagbigay serbisyo sa buhay ng tao at komunidad

**A. Panimula** (*Pagkukuwento ng Gawain ng mga Magulang*)

1. Magsimula sa pagtatanong ng gawain ng mga magulang nila. Maaaring magtawag ng dalawa hanggang tatlong mag-aaral para magkuwento sa klase.
2. Ipaalala sa mga mag-aaral na ang mga tao sa komunidad ay may kanya-kanyang gawain upang masiguro na maayos at mapayapa ang komunidad.

**B. Paglinang:** *(Laro: Ang Aking mga Kasama sa Komunidad at Role-play ng Halaga ng Bawat Miyembro ng Komunidad)*

1. Maglaro ng *Matching Cards*. Hatiin ang klase sa lima hanggang anim na grupo at magparamihan ng maipaparehas nilang trabaho ng mga tao at gamit sa komunidad. Hayaan din na sabihin nila sa kagrupo ang mga kontribusyon ng mga ito sa komunidad. (Tandaan na gagawa ng mga *meta cards* para sa laro.)

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Kung ang lahat ng tao ay maglilingkod ng tama sa komunidad, magiging maayos at mapayapa ang buhay ng tao sa komunidad.
- Ang tamang paggawa ng ating tungkulin ay nagbibigay sa mga tao ng mga karapatan at pribilehiyo na nagpapakita ng kanilang kalayaan sa komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Ano ang halaga ng paglilingkod sa komunidad?
- Paano napoprotektsyonan ng tamang pagganap ng tungkulin ang ating mga karapatan?

2. Matapos ang laro, hayaan rin na magkaroon ng *role-playing* para maipakita ang kahalagahan ng bawat naglilingkod sa komunidad.

**C. Pagpapatibay:** *(Pagtalakay sa mga Sagot)*

1. Magkaroon ng kaunting pagtatalakay sa laro at *role-play*. Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang mangyayari kung wala ang mga taong ito sa komunidad.
2. Paglalagom: Itanong ang mga pangunahing tanong.
3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang o kasama sa bahay tungkol sa iba't ibang epekto sa komunidad ng mabuting pagganap sa tungkulin at karapatan sa komunidad. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno.

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skills*)

**Mga Kagamitan:**

- *Meta cards*
- Larawan ng mga pagkasira ng kalikasan



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikaapat na Markahan Baitang 2
# Karagdagang Aralin 2

## Aralin: Ang mga Batas sa Aking Komunidad

**Layunin:**

- Naipaliliwanag na ang mga karapatang tinatamasa ay may katumbas na tungkulin bilang kasapi ng komunidad
- Natutukoy ang mga tuntuning sinusunod ng bawat kasapi sa komunidad (halimbawa: pagsunod sa mga babala, batas, at iba pa)
- Natatalakay ang kahalagahan ng mga tuntuning itinakda para sa ikabubuti ng lahat ng kasapi

**A. Panimula** (*Pagkukuwento ng Gawain ng mga Magulang*)

1. Magsimula sa pagtatanong ng gawain nila sa bahay. Itanong din sa mga mag-aaral kung sino ang nagbigay sa kanila ng gagawin nila sa bahay at ano ang mangyayari kung hindi nila ito gawin. Pumili ng dalawa hanggang tatlong mag-aaral na magkukuwento.
2. Ipaalala sa mga mag-aaral na ang mga hindi pagganap ng tungkulin nang maayos ay pagkakaroon ng problema sa komunidad.

**B. Paglinang** *(Laro: Ang Aking mga Kasama sa Komunidad at Role-play ng Halaga ng Bawat Miyembro ng Komunidad)*

1. Talakayin ang batas at ang kahalagahan nito.
2. Magpakita ng mga larawan ng mga batas na sinusunod ng mga tao. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang mangyayari kung susundin ng mga tao ang mga batas na ito. Tanungin din kung ano ang mangyayari kung hindi ito susundin ng mga tao.
3. Maaari nila itong isulat sa isang sagutang papel na kagaya ng nasa kabilang pahina.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Kung ang lahat ng tao ay susunod sa batas nang tama, magiging maayos at mapayapa ang buhay ng tao sa komunidad.
- Ang tamang paggawa ng ating tungkulin ay nagbibigay sa mga tao ng mga karapatan at pribilehiyo na nagpapakita ng kanilang kalayaan sa komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Ano ang halaga ng pagsunod sa batas sa komunidad?
- Paano napopro-teksyonan ng tamang pagganap sa tungkulin ang ating mga karapatan?

Isulat ang hinihingi sa ibaba.

| | Ano ang mangyayari kapag susundin? | Ano ang mangyayari kung hindi susundin? |
|---|---|---|
|  | | |
|  | | |
|  | | |

**C.** **Pagpapatibay** *(Pagtalakay sa mga Sagot)*

1. Magkaroon ng kaunting pagtatalakay sa mga sagot na ibinigay. Hayaan silang ikuwento ito sa klase.
2. Paglalagom: Itanong ang mga pangunahing tanong.
3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang tungkol sa iba't ibang epekto sa komunidad ng mabuting pagganap ng tungkulin at karapatan sa komunidad. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno.

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Kasanayan sa pangongolekta at pagsasaayos ng datos

**Mga Kagamitan:**

- Sagutang papel
- Larawan ng pagsunod sa batas



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikaapat na Markahan Baitang 2
# Karagdagang Aralin 3

## Aralin: Ang Halaga ng Pagtutulungan ng mga Tao sa Aking Komunidad

**Layunin:**

- Natatalakay ang mga tradisyong may kinalaman sa pagkakabuklod-buklod ng mga tao sa komunidad
- Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtutulungan sa paglutas ng mga suliranin ng komunidad
- Naipakikita ang iba't ibang paraan ng pagtutulungan ng mga kasapi ng komunidad sa pagbigay-solusyon sa mga problema sa komunidad

**A. Panimula** (*Pagkukuwento ng Gawain ng mga Magulang*)

1. Magsimula sa pagpapakita ng larawan ng bayanihan. Ipaliwanag sa mga mag-aaral kung kailan ito ginagawa at ano ang ganda ng pagbabayanihan.
2. Ipaalala sa mga mag-aaral na ang bayanihan ay isa sa mga mahahalagang katangian ng mga Pilipino na nakatutulong sa paglutas ng problema sa komunidad.

**B. Paglinang** (*Role-play ng mga Tradisyon ng Komunidad*)

1. Hatiin ang klase sa apat hanggang limang grupo. Magbigay ng ilang gawain sa komunidad na kung saan ipinapakita nila ang mga paraan kung saan nagtutulungan ang mga tao sa komunidad. Ipakikita rin nila kung ano ang halaga ng pagtutulungan ng mga tao sa sitwasyong ibinigay sa kanila.
2. Bibigyan ng 30 minuto para maghanda sa *role-play*. Ipakikita nila ang mga gawa nila sa susunod na pagkikita.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Kung ang lahat ng tao ay nagtutulungan sa komunidad, magiging maayos at mapayapa ang buhay ng tao sa komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Ano ang halaga ng pagtutulungan sa komunidad?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Pag-unawa sa iba't ibang kultura (*Cross-cultural Understanding*)

**Mga Kagamitan:**

- Sagutang papel
- Larawan ng pagsunod sa batas

**C. Pagpapatibay** *(Presentasyon ng Gawain at Pagtalakay sa Role-play)*

1. Bigyan ang mga mag-aaral ng 5 minuto para sa presentasyon.
2. Magkaroon ng kaunting pagtatalakay sa mga *role-play* na ibinigay. Bigyan din sila ng kaunting minuto para magsalaysay ng gawa.
3. Paglalagom: Itanong ang mga pangunahing tanong.
4. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang tungkol sa iba't ibang epekto sa komunidad ng mabuting pagganap ng tungkulin at karapatan sa komunidad. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**